



GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA




ROAD
SAFETY
COMMISSION

FILIPINO

WELCOME TO COUNTRY ROADS

PLEASE DRIVE CAREFULLY & MAKE EVERY JOURNEY SAFE



Ginawa at inilathala
ng Road Safety Commission.
Oktubre 2021

**Kung gusto mo ng dokumentong ito na nasa
ibang format, mangyaring kontakin kami.**

Address ng opisina:

Road Safety Commission
263 Adelaide Terrace
PERTH WA 6000

Address sa koreo:

Road Safety Commission
PO Box 6348
EAST PERTH WA 6892

Email: info@rsc.wa.gov.au

Internet: www.wa.gov.au/rsc



Ang Embahada ng Pilipinas ay naghahatid ng kanilang pasasalamat sa Road Safety Commission of Western Australia (Komisyon ng Kaligtasan sa Daan ng Western Australia) sa inisyatibong ito na maglathala ng Gabay sa Pagmamaneho sa WA. Ikinalulugod ng Embahada na ang Gabay ay may bersyon sa wikang Filipino. Ang komunidad ng mga Pilipino sa Western Australia, na nasa 35,000, ay lumalaki at patuloy na mag-aambag sa panlipunan at pangkabuhayang pag-unlad ng estado.

Lubos na hinihikayat ng Embahada ang komunidad ng mga Pilipino, mga migrante o bumibisita lamang, na basahin ang Gabay sa Pagmamaneho sa WA at mahigpit na sumunod sa nakasaad na mga regulasyon. Nangyayari ang mga aksidente, kahit sa may mga lubos nang may-karanasan sa pagmamaneho, at mahalaga na magkaroon ng kaalaman sa tamang mga patakaran upang tiyakin ang iyong pansariling kaligtasan sa daan, pati na rin sa ibang tao.

Embahada ng Pilipinas, Canberra

3 Pambungad ng Konsulado

5 Introduksyon

6 Mga bagay na dapat malaman

- 9 Manatili sa kaliwang panig
- 10 Pagtawid sa mga guhit sa daan
- 12 Pagsusuri ng sasakyan
- 14 Protektahan ang mga naglalakad sa daan
- 15 Pakikibahagi ng daan sa mga nagbibisikleta
- 16 Pakikibahagi ng daan sa mga nagbibisikleta
- 17 Pagmo-motorsiklo
- 18 Paano ang pag-‘merge’ (pagpasok sa daloy ng trapiko)
- 19 Mga roundabout at paggawa ng U-turn
- 20 Gaano kabilis
- 21 Pang-emerhensiyang mga sasakyan
- 22 Pagmamaneho na lasing at nakadroga
- 23 Paggambala ng mobile phone
- 24 Nagliligtas ng buhay ang mga seatbelt

26 Ligtas na pagmamaneho sa mga rehiyon at malalayong pook

- 27 Paghinto para kumuha ng mga litrato
- 28 Pagkapagod sa malalayong distansya
- 30 Pagmamaneho sa graba (gravel)
- 32 Pag-overtake sa mga road train
- 34 Mga hayop sa daan
- 36 Malabong bisibilidad
- 37 High beam ng mga headlight

38 Mga karatula sa daan

- 40 Ilang mga karatula sa daan sa Western Australia
- 41 Gabay sa mga karatula sa pagparada
- 42 Mga sona na may iba’t ibang gamit
- 43 Makatutulong na impormasyon at mga mapagkukunan nito

Ang Western Australia ay mas malaki kaysa sa kabuuan ng Western Europe.

Ang mga tanawin, hayop, halaman, klima, panahon at kulturang-Aborihinal ay may malaking pagkakaiba-iba sa buong Estado. Ang rehiyon at malalayong pook ng WA ay nag-aalay ng maraming pagpipiliang bukod-tangi at kasiya-siyang mga karanasan.

Ang mga distansya sa pagitan ng mga lugar ay kadalasang mas malayo kaysa sa iyong inaasahan. Ang lathalaing ito ay naglalarawan ng pangunahing mga patakaran sa daan at nagsisilbing gabay sa ilan sa mga kondisyon na maaari mong mararanasan. Nais naming masiyahan kayo sa paggalugad ng WA at maging ligtas. Mangyaring magmaneho nang maingat. Kasiyahan ang iyong paglalakbay sa WA!

The Road Safety Commission ay nakatuon na bawasan ang mga trauma sa daan – isa sa pinakamalaki at pinaka-nagtatagal na mga dahilan ng pagkamatay at pinsala sa komunidad. Hinihikayat namin ang mga gumagamit ng daan na magmaneho nang ligtas at iwasan ang mga bangaan.

Ang mga partikular na impormasyon tungkol sa mga patakaraan sa daan at mga paglabag ay makukuha sa www.wa.gov.au/rsc.



I-scan upang bisitahin ang website ng Road Safety upang alamin ang higit pa tungkol sa Mga Patakaran at Paglabag sa Western Australia.



**MGA BAGAY
NA DAPAT
MALAMAN**

MGA BAGAY NA DAPAT MALAMAN

- Laging magmaneho sa kaliwang panig.
- Magplano ng iyong biyahe.
- Mag-ingat sa mga panganib ng usok sanhi ng mga bushfire at alikabok na sanhi ng ibang mga sasakyan at malalakas na hangin. Iwasang magmaneho kapag may usok sa pook.
- Iwasan ang mga daang may baha. Huwag magmaneho palusong sa mga tubig-baha. Ang mga ito ay maaaring mas malalim at mas mabilis ang daloy kaysa sa nakikita.

Para sa mga babala, tingnan ang:

Emergency WA

emergency.wa.gov.au



Main Roads 'Travel Map'

mainroads.wa.gov.au



- Maging alisto sa mga baka, kangaroo, emu at iba pang mga hayop at livestock na nasa mga daan, lalo na sa paglubog ng araw.
- Huwag lilikong pakaliwa kapag pula ang ilaw-trapiko.
- Ang malakas na ulan ay nakakabawas sa bisibilidad at nagpapalaki ng panganib.
 - Magmaneho ayon sa mga kondisyon.
 - Buksan ang iyong mga headlight (ilaw-pang-unahan).
 - Gamitin ang mga windscreen wiper.
 - Huwag na huwag magtatangkang tumawid sa mga daan na may baha.

Mga patakaran sa lisensya ng pagmamaneho

Kapag nagmamaneho, dapat laging nasa iyo ang kasalukuyan mong lisensya sa pagmamaneho mula sa ibang bansa at ang pagkasaling-wika nito kung ang orihinal ay hindi nakasulat sa wikang Ingles, o isang International Driver's Permit (IDP).

Kung balak mong magmaneho o magmotorsiklo sa Australya at ang iyong lisensya mula sa ibang bansa ay walang taglay na litratong ID, dapat kang kumuha ng isang IDP bago ka umalis sa iyong bansang pinagmulan.



LIGTAS NA PAGMA- MANEHO

MANATILI SA KALIWANG PANIG

Sa Australya, lahat ng mga sasakyan ay minamaneho sa kaliwang panig ng daan.

Kung ikaw ay hindi sanay magmaneho sa kaliwang panig, magdikit ka ng nota sa dashboard bilang paalala na manatili sa kaliwang panig. Ilang mga kompanya na nagpapaarkila ng kotse ang naglalagay sa loob ng kanilang mga sasakyan ng mga sticker na nagsasabing manatili sa kaliwang panig.

Kapag parating sa isang krosing o lumiliko, maging mas maingat.

Sa kalsadang may maraming linya, na may limit ang tulin na 90km/h o mahigit pa, dapat kang manatili sa kaliwang linya, maliban kung:

- ikaw ay nag-o-overtake
- ang kaliwang linya ay linya para sa bus o bisikleta
- umiiwas ka sa isang hadlang.



PAGTAWID SA MGA GUHIT SA DAAN

Ang mga guhit na marka sa daan ay gabay kung paano ang paggamit ng daan, at kabilang dito ang mga guhit sa gilid (edge lines), guhit sa linya (lane lines), at guhit sa gitna (centre lines).

May tatlong uri ng nag-iisang patuloy, walang putol na mga guhit:

1. Ang mga guhit sa gilid ay nagmamarka sa gilid ng kalsada

- Makakatawid ka lamang sa isang guhit sa gilid kapag pumapasok o lumilisan sa daan, nag-o-overtake sa kaliwa ng isang sasakyang lumilikong pakanan, o kapag ikaw ay gumagawa ng U-turn.

2. Ang mga guhit sa linya ay nagtatakda ng maraming linya na parehong direksyon ang punta

- Kung ang guhit sa linya ay patuloy, huwag tawirin ang guhit upang magpalit ng linya.

3. Nasa gitna/panghiwalay na mga guhit na naghihiwalay ng mga daanan na papunta sa iba't ibang direksyon

- Kung ang mga guhit sa gitna/na panghiwalay ay patuloy, huwag tawirin ang guhit na iyon maliban kung ikaw ay lilikong pakanan upang lisanin o pumasok sa daan, o gumagawa ng U-turn. Tumutukoy din ito kung may patuloy na guhit sa kaliwa o kanan ng isang putul-putol o dotted na guhit sa gitna.
- Kung may putul-putol o dotted na guhit sa gitna sa kaliwa ng isang patuloy na guhit, maaari mo itong tawirin upang mag-overtake, kung ligtas na gawin ito. Huwag tawirin kung ang patuloy na guhit ay nasa kaliwa ng putul-putol o dotted na guhit.
- **Maliban lamang (exception):** Maaari mong tawirin ang patuloy na guhit kapag nilalampasan ang isang nagbibisikleta - ngunit kung ligtas lamang na gawin ito. Dapat mo ring tiyaking may ligtas na distansya ang iyong sasakyan sa nagbibisikleta. Tingnan din ang pahina 15 (Pakikibahagi ng daan sa mga nagbibisikleta).



PATULOY NA NAG-IISANG GUHIT
(huwag na huwag tawirin upang mag-overtake)

PUTUL-PUTOL NA GUHIT

PATULOY NA NAG-IISANG GUHIT
(huwag na huwag tawirin upang mag-overtake)

NAG-IISANG PATULOY NA GUHIT (mag-overtake lamang kapag ang dotted na guhit ay nasa kaliwa ng patuloy na guhit, at kung ligtas na gawin ito).



PAGSUSURI NG SASAKYAN

Kung ikaw ay humiram o umarkila ng kotse, humingi ng payo tungkol sa pinakamainam na modelo para sa iyong biyahe, na nagsasaalang-alang sa mga kondisyon ng daan.

Ang isang off-road trail (landas sa labas ng karaniwang daan) at ang ilang hindi asfaltadong mga daan ay hindi angkop para sa isang kombensyonal na kotse.

Sundin ang payo ng iyong kompanyang nagpapaarkila ng kotse tungkol sa kaligtasan at kaangkupan ng sasakyang gagamitin.

Kung ikaw ay hihiram ng kotse sa pamilya o kaibigan, tiyaking kasali sa seguro ng may-ari ang iba pang magmamaneho, at gumawa ng mga pangkaligtasang pagsusuri bago magbiyahe.



- Suriin kung gumagana ang mga ilaw-pang-unahan, ilaw ng preno, mga indicator, ilaw sa pag-atras, at magdala ng reserbang mga bombilya.



- Tingnan ang kondisyon ng mga gulong at ng reserbang gulong.
 - Maghanap ng mga bitak, pagtambok o ng hindi tamang lagay ng mga gulong.
 - Maghanap ng anumang mga bagay na nakasingit sa mga gulong, at alisin ang mga ito.
 - Ang 'tread' ng mga gulong ay dapat may lalim na mahigit sa 3mm, o kasinlaki ng ulo ng posporo. Kung hindi, palitan ang gulong.
 - Tiyaking ang mga gulong ng sasakyan at ang reserbang gulong ay may tamang presyon ng hangin. Ang tamang presyon ng gulong para sa iyong sasakyan ay nasa karatula na nasa loob ng pintuan ng tsuper. Huwag sosobrahan ang ibobombang hangin.
 - Ang ilang mga kotse ay may space-saver spare wheel bilang reserbang gulong. Gamitin lamang ang space-saver tyre upang magmaneho para ipakumpuni ang nabutas na gulong. Ang tulin sa pagmamaneho ay karaniwang limitado sa 80km/h.



- Tingnan kung ang mga blade ng iyong mga windshield wiper ay nasa mabuting kondisyon, at punan ang washer fluid. Upang mapabuti ang bisibilidad, linisin ang windscreen, sa loob at labas nito.



- Suriin ang level ng langis at coolant.



- Magsagawa ng pagsusuri sa preno nang malayo sa ibang mga sasakyan. Kung ang mga preno ay lumalangitngit o kumikiskis, maaaring kailangan nang ipaayos ang mga ito.

Ang landas para sa four-wheel drive (4WD) ay hindi angkop para sa isang kombensyonal na kotse.



PROTEKTAHAN ANG MGA NAGLALAKAD SA DAAN

Ang mga pedestrian (naglalakad sa daan) ay mga gumagamit ng daan na dapat pag-ingatan, kaya mas maging maingat at magalang na makibahagi sa mga daan.

Mga nagmamaneho at nagbibisikleta/nagmo-motorsiklo

Bilang isang nagmamaneho o nagbibisikleta/nagmo-motorsiklo, dapat kang magbigay-daan sa mga pedestrian:

- kapag ikaw ay lumiliko
- kapag ikaw ay gumagawa ng U-turn
- sa mga karatulang 'stop' (huminto)
- sa isang slip lane na may 'stop' na karatula o 'stop' na guhit.

Ang mga pedestrian ay may 'right of way' (karapatang maunang dumaan) sa mga zebra crossing, na minarkahan ng puting mga guhit sa kalsada, at sa mga tawirang may signal sa mga crossing na may ilaw-trapiko at mga intersection.

Mga Pedestrian

Kapag tumatawid sa mga may pangkontrol na ilaw-trapiko, tumawid lamang kung ang signal sa pedestrian ay kulay-berde. Huwag tatawid kung ang ilaw na signal sa pedestrian ay kulay-pula na hindi nagbabago o kumikislap.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.



PAKIKIBAHAGI NG DAAN SA MGA NAGBIBISIKLETA

Sa WA, ang isang nagmamaneho ay dapat lumampas sa isang bisikleta na papunta sa kaparehong direksyon sa isang ligtas na distansya, ito ay:

- 1 metro sa mga daan na ang nakapaskil na limit sa tulin ay 60 km/h o mas mabagal
- 1.5 metro sa mga daan na ang nakapaskil na limit sa tulin ay 60km/h o mas mabagal

Ang mga batas sa ligtas na distansya sa paglampas ay nagpapahintulot sa mga tsuper na tumawid sa mga guhit sa gitna/na panghiwalay, kabilang ang patuloy na mga guhit, ngunit kung ligtas lamang na gawin ito, at kapag malinaw na nakikita ng tsuper ang parating na trapiko.

Ang mga batas sa pinakamaikling distansya sa paglampas ay hindi tumutukoy sa mga nagbibisikleta na lumalampas sa mga sasakyan.

Makakapagmaneho ka sa isang markadong linya para sa bisikleta ng hanggang 50m upang pumarada sa isang minarkahang lugar na paradahan (tingnan ang dayagram sa ibaba).

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.



PAKIKIBAHAGI NG DAAN SA MGA NAGBIBISIKLETA

Ang mabibigat na mga sasakyan, gaya ng mga road train (Tingnan ang pahina 32), trak, bus at makinaryang pambukid ay may bigat na mahigit sa karaniwang sasakyan at nangangailangan ng ekstrang distansya sa paghinto.

Huwag sisingit sa harapan ng isang mabigat na sasakyan sa mga ilaw-trapiko, sa may 'stop' na mga karatula, o sa may masikip na trapiko dahil ang tsuper ay maaaring walang sapat na distansya upang makahinto.

Ginagamit ng mga tsuper ng mabibigat na mga sasakyan at trak ang kanilang mga salamin upang manatiling may-kamalayan sa nangyayari sa kanilang paligid. Kung ikaw ay nakapuwesto sa 'blind spot' (hindi nakikita sa salamin) ng isang trak, hindi ka makikita ng tsuper.

Kung hindi mo nakikita ang salamin sa gilid ng tsuper ng trak, hindi ka nakikita ng tsuper ng trak.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.



PAGMO-MOTORSIKLO

Ang mga motorsiklo at scooter ay hindi nagbibigay sa mga gumagamit nito ng pisikal na proteksyon ng ibang mga sasakyan.

Sapilitan para sa mga nagmo-motorsiklo at mga angkas na magsuot ng pang-motorsiklong helmet na sumusunod sa mga pamantayan ng Australya.

Ang mga bata na wala pang walong taong gulang ay hindi pinapahintulutang umangkas.

Konsultahin ang website ng MotoCAP para sa grado ng kaligtasan at kaginhawahan sa hanay ng pamprotektang mga pantalon, dyaket at guwantes. Ang website ng 'CRASH' ay may gabay sa pagbili ng pang-motorsiklong helmet na tumutugon sa mga pamantayan ng Australya.

Website ng MotoCAP

motocap.com.au



Website ng CRASH

crash.org.au



Mayroong mga parusa sa mga paglabag.



PAANO ANG PAG-'MERGE' (PAGPASOK SA DALOY NG TRAPIKO)

May dalawang klase ng mga linya ng pag-'merge' (pagpasok sa daloy ng trapiko) sa Western Australia.

1. Kapag ang dalawang linya ay nagsama at natapos ang isang linya, ang nauunang sasakyan sa harap ang may karapatang mauna.
2. Kung may dalawang markadong linya at natapos ang isa, magbigay-daan sa mga sasakyang nasa linyang papasukan mo.

Maging magalang sa mga lugar ng pagme-merge, gamitin ang iyong indicator, magpanatili ng ligtas na distansya at, kung maaari, gayahin ang limit ng tulin ng daan na papasukin mo.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.



**Kapag ang dalawang linya
ay naging isa, ang sasakyan
sa unahan mo ang may
karapatang mauna.**

MGA ROUNDABOUT

Kapag pumapasok sa isang roundabout, dapat kang magbigay-daan sa mga sasakyang nasa loob na ng roundabout.

Sa mga roundabout na may maraming linya, sundin ang mga pandireksyong arrow sa daan.

Paglikong pakaliwa

- Kung papalapit na, mag-indicate pakaliwa mula sa kaliwang linya.
- Manatili sa kaliwang linya at lumabas sa roundabout mula sa linyang ito.

Pagmamaneho nang padiretso

- Hindi mo kailangang mag-indicate kapag papalapit ka na.
- Pumasok sa kaliwa o kanang linya, manatili at lumabas sa linya ring iyon.
- Kung maaari, mag-indicate pakaliwa kapag nalampasan mo na ang huling exit (labasan) bago ang isa na balak mong gamitin.

Paglikong pakanan o paggawa ng buong pagliko

- Kung papalapit na, mag-indicate pakanan mula sa kanang linya.
- Manatili sa kanang linya at lumabas sa roundabout mula sa linyang ito.
- Kung maaari, mag-indicate pakaliwa kapag nalampasan mo na ang huling exit (labasan) bago ang isa na balak mong gamitin.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.

PAGGAWA NG U-TURN

Kung ikaw ay gagawa ng U-Turn, dapat kang magbigay-daan sa lahat ng iba pang gumagamit ng daan, at gamitin ang iyong indicator.

Hindi ka dapat mag-U-Turn:

- sa mga ilaw-trapiko, maliban kung may karatula na nagsasabing ang paggawa ng mga U-turn ay pinapahintulutan
- kapag may karatulang 'No U-turn'
- sa mga freeway
- kung hindi nakikita nang malinaw ang parating na trapiko.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.

MGA TULIN

Subaybayan ang iyong tulin. Laging magmaneho ayon sa mga kondisyon.

- Huwag na huwag lalampasan ang limit ng tulin.
- May tumutukoy na mga 40km/h zone sa ilang pook, gaya ng mga school zone, at mga pook na pinagsasaluhan ng mga taong naglalakad at mga sasakyan. Ang mga pook na ito ay may mga karatulang nakapaskil.
- Kung walang karatula, ang default na limit ng tulin para sa:
 - lahat ng mga panglungsod na pook ay 50km/h
 - mga freeway ay 100km/h
 - mga bukas na daang pangrehiyon ay 110km/h.
- Ang mga learner driver (nag-aaral magmaneho) at mga tsuper na humihila ng caravan, boat o trailer ay hindi makakapagpatakbo nang mahigit sa 100km/h, kahit na mas mataas ang limit ng tulin sa daan.
- Sa mga freeway, hindi ka dapat magpatakbo nang mas mabagal kaysa sa limit ng tulin ng 21km/h o mas mabagal pa, maliban kung may mga pang-emerhensiyang serbisyo o nagsisikip na trapiko.



Lahat ng mga school traffic zones (sonang pampaaaralan) ay may limit ang tulin na 40km/h sa mga oras ng pagdating ng mga estudyante at pag-uwian.

PANG-EMERHENSIYANG MGA SASAKYAN

Dapat mong pahintulutan ang isang pang-emerhensiyang sasakyan, gaya ng pulis, bumbero, o ambulansya, na may kumikislap na asul o pulang ilaw at/o nagpapatunog ng sirena, na lampasan ka nang madali.

Kapag may papalapit na pang-emerhensiyang sasakyan:

- Magbigay-daan sa pamamagitan ng pagtabi sa kaliwang panig ng kalsada kung kaya mo.
- Kung hindi mo magawang tumabi sa kaliwa, bagalan mo ang pagpapatakbo, mag-inicate pakaliwa at pahintulutan ang pang-emerhensiyang sasakyan na lihisin ka.
- Kung ikaw ay nakapuwesto sa kaliwang linya, pahintulutan mo ang ibang sasakyan na nasa linya sa iyong kanan na sumingit sa iyong linya, kung kailangan.

Huwag labagin ang batas

Ang batas na SLOMO (Slow Down, Move Over) ay nag-uutos sa iyo na dapat kang magpabagal ng takbo sa 40km/h kapag papalapit sa nakahintong mga pang-emerhensiya o pantugon sa insidente na mga sasakyan na may kumikislap na mga ilaw sa lugar ng isang insidente.

Dapat mong hayaang lampasan ka nang madali ng mga pang-emerhensiyang sasakyan na may kumikislap na asul o pulang ilaw.



PAGMAMANEHO NA LASING AT NAKADROGA

Pagmamaneho na lasing

Sapalarang sinusuri ng pulisya ng WA ang mga tsuper para sa antas ng alak sa kanilang dugo. Ang layon ay upang tulungang tiyakin ang kaligtasan ng lahat na nasa daan. Labag sa batas na tanggihan ang mga pagsusuring ito.

Labag sa batas ang magmamaneho na may antas ng alak sa dugo na katumbas o mas mataas pa kaysa sa 0.05%. Ito ay katumbas ng kaunting alak. Zero ang naaangkop na limit ng alak sa dugo:

- sa mga 'learner driver' na nagmamaneho at mga nagmo-motorsiklo
- sa mga 'learner driver' na nagmamaneho at mga nagmo-motorsiklo
- sa mga may hawak ng mga lisensyang di-pangkaraniwan (extraordinary licences)
- kung ikaw ay nadiskwalipikado kamakailan lamang
- kung ikaw ay nagmamaneho ng isang sasakyan na may bigat na mahigit sa 22.5 tonelada
- kung ikaw ay nagmamaneho ng bus, taksi o isang maliit na pang-charter na sasakyan.

Ang legal na limit ay tumutukoy din sa superbisor ng nagmamaneho.

Pagmamaneho na nakadroga

Maaari kang pahintuin ng pulisya kung sinususpetsa nila na ang iyong mga kakayahan ay maaaring nasira ng anumang droga.

Ikaw ay maaaring bigyan ng pagsusuri sa laway o dugo. Labag sa batas na tanggihan ang mga pagsusuring ito.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.

Kung ikaw ay nagpaplanong uminom ng alak, magplanong huwag magmaneho!



PAGGAMBALA NG MOBILE PHONE

Ang pagkagambala ng nagmamaneho ay isang malaking sanhi ng aksidente sa daan. Mahigpit na ipinapatupad ang mga batas laban sa ilegal na paggamit ng mobile phone.

Kung ikaw ay nagmamaneho, mahihipo mo lamang ang mobile phone upang tumanggap at magtapos ng isang tawag kung ang telepono ay nakalagay nang sigurado sa isang sisidlan na nakakabit sa sasakyan. Kung ang iyong telepono ay hindi nakalagay na sigurado sa isang sisidlan, ito ay magagamit lamang upang tumanggap o magtapos ng tawag gamit ang:

- voice activation
- Bluetooth hands-free car kit.

Labag sa batas ang paglikha, pagpapadala, o pagtingin sa isang text message, video message, email o kaparis na komunikasyon habang ikaw ay nagmamaneho, kahit na ang telepono ay mapapagana na hindi ito hihipuin.

Maaari kang gumamit ng GPS sa iyong telepono habang ikaw ay nagmamaneho, kung ito ay mapapagana nang hindi hihipuin ang keypad o screen. Dapat itong i-set up bago mo simulan ang iyong biyahe.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.



NAGLILIGTAS NG BUHAY ANG MGA SEATBELT

Sapilitan ang paggamit ng mga seatbelt. Ikaw bilang nagmamaneho at ang iyong mga pasahero ay maaaring mamultahan sa hindi pagsusuot ng mga seatbelt.

Bilang nagmamaneho, ikaw ay responsable sa pagtiyak na ang mga pasahero ay napipigil ng angkop na mga seatbelt. Isaalang-alang ang taas at timbang ng mga bata kapag pumipili ng angkop na pampigil.

Mga kaayusan sa mga pampigil sa bata at kung saan uupo

Iniuutos ng batas na ang mga bata na may edad na:

- wala pang anim na buwan ay napipigil sa isang patalikod na pampigil sa bata (halimbawa, capsule para sa sanggol)
- anim na buwan hanggang apat na taong gulang ay napipigil sa patalikod o paharap na pampigil ng bata na may nakakabit na harness
- mula apat hanggang pitong taong gulang ay napipigil sa paharap na pampigil ng bata o isang booster seat na pinipigilan ng seatbelt o child safety harness na wasto ang pagka-akma.

Mga batang may edad na mahigit sa pitong taong gulang

Ang mga batang may edad na mahigit sa pitong taong gulang ay maaaring mapigil sa isang booster seat o ng seatbelt para sa may edad na tao kung sapat na ang laki ng bata.

Saan maaaring umupo ang aking anak?

Kung ang sasakyan ay may dalawang hanay ng upuan o higit pa, ang mga bata na wala pang pitong taon ay hindi dapat maupo sa harapang hanay.

Ang mga bata na nasa pagitan ng apat at pitong taong gulang ay makakabiyahe sa harapang upuan kung lahat ng iba pang upuan ay inuupuan na ng mga pasaherong wala pang pitong taong gulang.

Ang mga batang pitong taong gulang pataas ay maaaring umupo sa alinmang upuan, basta't sila ay may angkop na pampigil.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Child Restraint Information Line sa 1300 780 713.

Paano naman sa mga taksi at rideshare?

Kahit na may angkop na pampigil, ang mga bata na wala pang 7 taong gulang ay hindi dapat maupo sa harapang hanay ng mga upuan sa taksi.

Rideshare

Ang mga tsuper ng mga serbisyong rideshare ay dapat tiyaking ang mga pasahero ay nagsusuot ng mga seatbelt.

Bagama't lubos na inirerekomenda, walang pangangailangan para sa tsuper na tiyakin ang paggamit ng mga car seat para sa bata. Kung walang child car seat, ang mga bata na may edad sa pagitan ng isa at pitong taong gulang ay dapat pigilan gamit ang seatbelt para sa may edad na tao.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.





LIGTAS NA
PAGMAMANEHO
**SA MGA
REHIYON**
AT MALALAYONG POOK

PAGHINTO PARA KUMUHA NG MGA LITRATO

Huwag huminto sa daan upang tanawin o kumuha ng mga litrato ng tanawin.

Upang tumabi sa daan sa isang ligtas na lugar:

- mag-indicate nang maaga upang tiyaking ang ibang mga sasakyan ay may oras na malaman ang mga binabalak mong gawin
- magmaneho nang maingat, lalo na kung ang gild ng kalsada ay lupa o graba, at pumarada nang malayo sa daan.

Kapag babalik na muli sa daan:

- tandaan na ang mga kotse ay maaaring tumatakbo nang matulin
- maghintay na magkaroon ng sapat na puwang sa daloy ng trapiko
- maglaan ng sapat na oras upang pumasok na muli sa daan nang hindi guguluhin ang daloy ng trapiko at pabilisin ang takbo na pareho sa tulin ng dumadaloy na trapiko.

Magmaneho nang mabagal at maingat

(lalo na kung ang gilid ng kalsada ay lupa o graba).

PAGKAPAGOD SA MALALAYONG DISTANSYA

Ang WA ay 2.5 milyong kilometrong parisukat. Ang mga distansya ng mga bayan ay maaaring mas malayo kaysa sa iyong iniisip.

- Gumamit ng madetalye, bagong mapa ng daan.
- Magplano ng iyong biyahe batay sa mga distansya na balak mong lakbayin, na nagsasaalang-alang ng mga kondisyon ng daan at panahon.
- Subaybayan ang distansya na iyong nalakbay.
- Uminom ng tubig upang tulungang mahadlangan ang pagkapagod.
- Magdala ng apat hanggang limang litro man lamang na tubig kada tao, kada araw.
- Magdala ng reserbang gasolina.
- Magpahinga sa gabi bago ang isang mahabang biyahe.
- Huwag magmaneho kung ikaw ay napapagod.
- Magpahinga nang regular. Huminto nang regular upang magrelaks – at hangaan ang tanawin.
- Magkarga ng gasolina tuwing makakakita ka ng istasyon ng gasolina.
- Makihati ng pagmamaneho sa isang kamag-anak o kaibigan.
- Magmaneho lamang na muli kapag nakapagpapresko ka na.



Alam mo ba?

Maaaring 200km ang pagitan ng mga istasyon ng gasolina. Magkarga ng gasolina tuwing makakakita ka ng istasyon ng gasolina. Magdala ng reserbang gasolina kung ikaw ay nagpaplanong magbiyahe ng malalayong distansya.



PAGMAMANEHO SA GRABA (GRAVEL)

Maraming mga daan sa rehiyon sa WA na gawa sa maliliit na bato na tinatawag na graba. Kung minsan, ang graba ay matatagpuan din sa mga gilid at bingit ng kalsada

Ang graba ay tila mga bulitas (ball bearing) sa ilalim ng mga gulong ng kotse at maaaring maging sanhi ng pagsagadsad at kawalan ng kontrol sa sasakyan.

- Bagalan ang takbo sa mga kurba.
- Huwag magpreno nang bigla upang maiwasan ang pagsagadsad, pagdulas o kawalan ng kontrol sa sasakyan.
- Tandaan na ang mga daang gawa sa graba at lupa ay lumilikha rin ng malalaking ulap ng alikabok. Nahahadlangan nito ang bisibilidad. Sa mga sitwasyong ganito, magpanatili ng ligtas na distansya sa likod ng ibang mga sasakyan.

Kailangan mo ring maging handa para sa alikabok at mga bato na maiitsa mula sa mga kotse na tumatakbo sa kabilang direksyon. Magmaneho sa lahat ng mga daang gawa sa lupa na nakabukas ang mga headlight.

**Bagalan ang takbo sa mga kurba.
Huwag magprenong bigla.**



PAG-OVERTAKE SA MGA ROAD TRAIN

Kilala bilang mga 'road train', ang ilan sa mga pinakamalalaking trak sa mundo ay matatagpuan sa Western Australia. Ang ilan ay mas mahaba kaysa sa 50m at mangangailangan ng malaking pag-iingat kapag nag-o-overtake.

- Kailangan mo ng mahabang, diretsong malinaw na daan para makakita ka nang mahabang distansya.
- Tandaan na maaaring matagalan ang pag-overtake sa isa sa mga mahahabang trak na ito.
- Tandaan na kapag nag-o-overtake, ang kilos ng hangin mula sa mga trak ay lumilikha ng hangin na maaaring maging sanhi ng paghila ng iyong sasakyan tungo sa trak.
- Mag-antabay ka. Manatili sa likuran ng trak na mga ilang kotse ang layo. Kapag ligtas na upang lumampas, mag-indicate at mag-overtake nang ligtas. Huwag na huwag lalampasan ang limit ng tulin.
- Kung ikaw ay may hilang caravan o trailer, huwag magtatangkang mag-overtake ng mga road train. Maghintay ng isang linya para sa pag-overtake, kung saan ligtas upang mag-overtake.
- Sa mga daan sa rehiyon na maraming mga sasakyan, may mga linya sa pag-overtake tuwing 5 hanggang 20km. Kung tumatakbo sa tuling 100km/h, ibig sabihin nito ay mga 3 hanggang 12 minuto ang pagitan. Huwag mag-overtake kung hindi ito ligtas na gawin.



Alam mo ba?

Ang mga road train ay maaaring hanggang 53.5m long ang haba (175.5 piye) na may dalawa, tatlo o apat na trailer. Ang pag-overtake sa tulin na 110km/h ay tatagal nang 2.5km o mga 85 segundo.



MGA HAYOP SA DAAN

Tandaan na ang mga gumagalang hayop gaya ng mga kangaroo, baka, kamelyo, at pati na malalaking ibon ay maaaring huminto o tumawid ng daan sa harap ng iyong sasakyan.

Hindi mahuhulaan kung ano ang gagawin ng mga hayop sa daan. Kung minsan, sila ay pupuntang palapit sa iyong sasakyan sa halip na papalayo dito.

- Bagalan ang takbo. Maglaan ng oras upang magpreno.
- Bumusina. Kung ligtas na gawin ito, magmaneho nang mabagal palihis sa kanila.
- Huwag tangkaing lihisang ang isang hayop na matulin ang sasakyan. Ito ay maaaring maging sanhi ng pagbangga mo sa ibang sasakyan o mawalan ng kontrol sa gilid na graba.

Mahigit sa 7,000 banggaan sa mga kangaroo ang nangyayari sa Australya taun-taon. Ang mga ito ay nakakapinsala nang malaki kapag mabilis ang takbo ng sasakyan. Halos 15% ng nasangkot na mga sasakyan ang hindi na maipapakumpuni pa. Pinakamalaki ang panganib sa pagsikat at paglubog ng araw kung kailan ang mga hayop ay napakaaktibo. Ang mga kangaroo ay higit na aktibo sa panahon ng taglamig.

Habang nagmamaneho, tumingin sa malayo hangga't kaya mo – at sa magkabilang panig ng daan upang mapansin ang pagkilos ng mga hayop.



Ano ang gagawin kung makabangga ka ng isang hayop?

Kung ang isang likas na hayop ay nasugatan:

- Tiyaking itabi mo nang ligtas ang iyong sasakyan sa tabi ng daan.
- Tawagan ang Wildcare Helpline sa 9474 9055.
- Huwag lalapitan ang nasugatang kangaroo. Ang mga kangaroo ay may napakalakas na sipa at maaaring maging sanhi ng malaking pinsala kung ikaw ay matatamaan.



MALABONG BISIBILIDAD

Magplano ng iyong biyahe upang maiwasan ang mga daan na naapektuhan ng usok ng bushfire o mga baha. Para sa mga babala, tingnan ang:

Emergency WA

emergency.wa.gov.au



Main Roads 'Travel Map'

mainroads.wa.gov.au



Iwasang magmaneho kapag may usok sa pook. Kung hindi mo maiiwasan, magmaneho nang mabagal at ayon sa mga kondisyon.

Iwasang magmaneho at mag-motorsiklo kung ang araw ay direktang tatama sa iyong mga mata. Mas mainam na magpahinga hanggang sa ang araw ay mas mataas na sa langit. Sa gabi, maghintay hanggang sa lumubog na ang araw. Pagkatapos, magmaneho sa naaabot ng bisibilidad ng iyong mga headlight.

Maging alisto sa mga hayop sa daan.

Ikaw ay hinihimok na magmaneho o mag-motorsiklo sa araw na nakabukas ang iyong mga headlight. Sa ganitong paraan ikaw, at ang direksyong iyong nilalakbay, ay mas nakikita ng ibang mga gumagamit ng daan.



HIGH BEAM NG MGA HEADLIGHT

Sa karamihan ng pangrehiyon at malalayong mga daan, kakaunti lamang o kaya ay walang mga ilaw sa kalsada. Kaya, ikaw ay pinapahintulutang gumamit ng high beam sa iyong mga headlight upang makita mo kung saan ka nagmamaneho.

Sa malapitan, ang high beam ay nakakasilaw sa ibang mga tsuper. Ito ay maaaring maging sanhi ng banggaan.

Ang high beam ay hindi pinapahintulutan kung:

- ikaw ay nagmamaneho nang kulang sa 200m sa likuran ng isang sasakyan
- ang isang papalapit na sasakyan ay nasa loob ng 200m – o ang mga headlight niya ay ‘dipped’ (nakababa)(ibig sabihin, ang high beam ay hindi nakabukas).

Ang mga fog light ay maaaring gamitin sa mga kondisyong may fog, malakas na hanging may dalang alikabok, o matinding ulan. Huwag magmaneho na sabay nakabukas ang mga headlight at fog light.

Mayroong mga parusa sa mga paglabag.





MGA KARATULA
SA DAAN



ILANG MGA KARATULA SA DAAN SA WESTERN AUSTRALIA



Ang mga crossing ng tren sa WA ay madalas bumabagtas sa mga kalsada.

- Huminto sa mga nagbababalang senyales.
- Hintaying makaraan ang tren, o mga tren.



Ang mga kumikislap na mga karatula ng tulin ay madalas nasa malapit sa mga paaralan.

- Bagalan ang takbo sa 40km/h.
- Abangan ang mga bata.



Ang mga roundabout ay maaaring makalito.

- Laging magmaneho sa kaliwa sa isang clockwise (paikot sa kanan tulad ng orasan) na direksyon. Tingnan ang pahina 19.



Ang ilang mga daan sa malalayong lugar ay may mga karatula ng tulin na inalisan ng paghihigpit.

- Sa mga lugar na ito, ang maximum (pinakamabilis) na tulin ay ang default na tulin sa Estado (kasalukuyang 110km/h).
- Laging magmaneho ayon sa mga kondisyon.

GABAY SA MGA KARATULA SA PAGPARADA

Iminumungkahi na gamitin ng isang pasahero ang smart phone app na nagsasalin sa wika ng mga karatula sa pagparada.



No Stopping (Bawal Huminto)

Ang mga sasakyan ay hindi pinapahintulutang huminto maliban kung kinakailangan ito ng mga kondisyon sa trapiko. Ang mga sonang No Stopping ay makikilala rin sa pamamagitan ng buong dilaw na guhit sa kalsada na katabi ng, at nakahanay sa, gilid ng daan.



No Parking (Bawal Pumarada)

Ang maximum na oras na pinapahintulutan sa pagparada ay dalawang minuto upang magbaba o magsakay ng mga pasahero o kalakal. Bilang nagmamaneho, dapat kang manatili sa loob ng tatlong metro ng sasakyan.



Ticket sa Pagparada

Dapat bumili ng ticket mula sa parking ticket machine at ipakita ito sa ibabaw ng dashboard. Ang ticket ay may bisa lamang sa lugar kung saan ito binili. Tiyaking susunod ka sa anumang mga tagubilin na nasa karatula, ticket o ticket machine. (halimbawa, limit sa oras 1P = 1 oras ang maximum).



Pagparada na may Limitadong Oras

Maaaring magpakita ng mga opsyon sa iba't ibang oras ng pagparada sa isang karatula. Halimbawa, ito ay maaaring magdisplay ng '2P mula 8am–5.30pm.' Lampas sa mga oras na ito, ang itatagal ng pagparada ay walang limitasyon.

MGA SONA NA MAY IBA'T IBANG GAMIT

Iba't ibang mga karatula ang magpapakita ng mga paghihigpit na tutukoy sa iba't ibang oras ng araw o gabi. Bawat seksyon ng karatula ay dapat basahin kasabay ng sa iba pa. Ang tinutukoy na mga oras ng operasyon para sa bawat layunin ay ipapakita sa mga karatula.

Daanan para sa Bus

Hindi ka dapat magmaneho o magparada sa mga daanan para sa bus sa loob ng mga oras na ipinakita sa karatula o sa mga marka sa daan.

Clearway

Ang mga karatulang Clearway ay nagsasabi ng oras sa panahon ng mabigat na trapiko na hindi ka maaaring huminto o magparada ng iyong sasakyan sa clearway.

Towing (Paghatak)

Kung ikaw ay labag sa batas na pumarada sa isang lugar na may karatulang 'No Stopping Zone, Clearway, o Daanan para sa Bus', ang iyong kotse ay ipapahatak paalis. Kung mangyayari ito, kontakin ang Main Roads WA sa 138 138. Maaari mo lamang kolektahin ang sasakyan sa loob ng partikular na mga oras ng pagbubukas. Ikaw ay kakailanganing magbayad ng malaking multa upang mapakawalan ang sasakyan.



MAKATUTULONG NA IMPORMASYON AT MGA MAPAGKUKUNAN NITO

I-download ang St John's Ambulance 'First Responder' app sa iyong telepono. Kung kailangan mong tawagan ang 000 para sa ambulansiya, awtomatikong ipadadala ng app ang iyong GPS coordinates sa operator. Mapapabilis nito ang oras na kakailanganin upang makumpirma ang iyong lokasyon at magpadala ng ambulansiya.

Ang app ay may taglay ding iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon. Kabilang dito ang gabay sa mga tagubilin at ang mga lokasyon ng pinakamalapit na sentrong-medikal at mga emergency department ng ospital.

I-download ang St John's Ambulance 'First Responder' app sa iyong telepono.



St John's Ambulance 'First Responder' App

www.stjohnnwa.com.au/online-resources/st-john-first-responder-app

Iminumungkahi rin na dalhin mo ang iyong mga mamahaling bagay kapag ikaw ay paparada at mag-iiwan ng iyong sasakyan sa mga panturistang 'hotspots' (mga lugar kung saan ang mga nakawan ay tinatarget). Ang anumang nakikita sa loob ng kotse ay maaaring magpalaki ng mga tsansa na pasukin ito.



**ROAD
SAFETY**
COMMISSION

www.wa.gov.au/rsc